Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pang-uri o pang-abay

Panuto: Sa bawat bilang, isulat sa patlang ang salitang **pang-uri** kung ang salitang may salungguhit ay ginagamit sa pangungusap bilang pang-uri. Isulat ang salitang **pang-abay** kung ito ay ginagamit bilang pang-abay.

1. _____ Ang mga mag-aaral ay <u>tahimik</u>.

   _____ Ang mga mag-aaral ay <u>tahimik</u> na nagbabasa.

2. _____ <u>Mahirap</u> ang trabahong ito.

   _____ <u>Mahirap</u> maghanap ng trabaho dito.

3. _____ <u>Mahimbing</u> ang tulog ng sanggol.

   _____ Natutulog nang <u>mahimbing</u> ang sanggol.

4. _____ <u>Mabagal</u> tumakbo ang dyip na ito.

   _____ Ang takbo ng dyip ay <u>mabagal</u>.

5. _____ Nag-isip siya nang <u>malalim</u>.

   _____ <u>Malalim</u> ang iniisip niya.

6. _____ <u>Maliwanag</u> ang sinabi ng guro.

   _____ <u>Maliwanag</u> na nagsalita ang guro.

7. _____ Ang anak ni Henry ay <u>magalang</u>.

   _____ <u>Magalang</u> sumagot ang anak ni Henry.

8. _____ Si Julio ay <u>masipag</u> magtrabaho.

   _____ <u>Masipag</u> na manggagawa si Julio.

9. _____ Ang mga kilos ng matandang babae ay <u>marahan</u>.

   _____ Kumilos nang <u>marahan</u> ang matandang babae.

10. _____ Ang puting ibon ay <u>malayang</u> lumilipad.

    _____ Ang puting ibon ay <u>malaya</u>.